Mensaje Dalawa

## Ang Dalawang Puno at ang Dalawang Prinsipyo ng Pamumuhay

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:9; Heb. 4:12; 1 Cor. 2:14-15; Roma 8:4, 6; Efe. 4:18-19; 2 Cor. 11:3

**I. Ang dalawang puno sa Genesis 2:9—ang puno ng buhay at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama—ay kumakatawan sa dalawang prinsipyo ng pamumuhay:**

A. Ipinapakita ng dalawang puno na ang isang Kristiyano ay maaaring mamuhay ayon sa dalawang uri ng dalawang magkaibang prinsipyo—ang prinsipyo ng tama at mali o ang prinsipyo ng buhay—1 Cor. 8:1.

B. Ang pagiging isang Kristiyano ay hindi isang bagay ng prinsipyo ng tama at mali, ang prinsipyo ng mabuti at masama, kundi isang bagay ng buhay—1 Juan 5:11-13, 20.

C. Nang ating tinanggap ang Panginoong Hesus at natamo ang isang bagong buhay, tayo ay nagkaroon ng isa pang prinsipyo ng pamumuhay—ang prinsipyo ng buhay; kung hindi natin alam ang prinsipyong ito, isasaisantabi natin ang prinsipyo ng buhay at susundan ang prinsipyo ng tama at mali.

D. Ang pagiging isang Kristiyano ay hindi isang bagay ng pagtatanong kung ang isang bagay ba ay tama o mali; ito ay isang bagay ng pakikipag-ugnay sa buhay na nasa loob natin sa tuwing gumagawa tayo ng isang bagay—Roma 8:6; Efe. 4:18-19.

**II. Ang ating buhay-Kristiyano ay batay sa isang panloob na buhay, hindi sa isang panlabas na pamantayan ng tama at mali; ang ating prinsipyo ng pamumuhay ay panloob sa halip na panlabas:**

A. Kung tayo ay namumuhay sa pamamagitan ng prinsipyo ng tama at mali, tayo ay katulad ng mga makasanlibutang tao—b. 17.

B. Ang tama at mali ay hindi pinagpapasyahan sa pamamagitan ng isang panlabas na pamantayan kundi sa pamamagitan ng panloob na buhay.

C. Hindi lamang natin dapat iwasan ang lahat ng masama bagkus ang lahat din ng mabuti lamang:

1. Maaari lamang gawin ng mga Kristiyano yaong nagmumula sa buhay; may masasamang bagay, mabubuting bagay, at mga bagay ng buhay—Juan 1:4; 10:10; 1 Juan 2:25; 5:13.
2. Sa Genesis 2:9 ang “mabuti at masama” ay pinagsama bilang isang daan, samantalang ang “buhay” ay iba pang daan.
3. May isang pamantayan na mas mataas kaysa sa pamantayan ng mabuti; ito ay ang pamantayan ng buhay—Juan 11:25; 1 Juan 5:11-12.
4. Ang pamantayan ng Kristiyanong pamumuhay ay tumutuos hindi lamang sa masasamang bagay bagkus sa mabubuti at tamang mga bagay rin.
5. Maraming bagay ang tama ayon sa mga pantaong pamantayan, subalit sinasabi ng dibinong pamantayan na ang mga ito ay mali dahil sa kawalan ng mga ito ng dibinong buhay.

D. Ang Kristiyanong pamumuhay ay batay sa panloob na buhay—Roma 8:2, 6, 10-11:

1. Walang Kristiyano na dapat magpasya ng anumang bagay nang hiwalay sa buhay—1 Juan 5:13.
2. Anumang nagpapalaki sa panloob na buhay ay tama, at anumang nagpapaliit sa panloob na buhay ay mali.
3. Ang ating landas ay ang buhay ng Diyos, hindi ang tama at mali; ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang prinsipyong ito ay malawak, at ang pagkakasalungatan dito ay malaki.

4. Ang isang katanungan na dapat nating itanong ay kung ang dibinong buhay sa loob natin ay bumabangon ba o bumabagsak; ito ang dapat na magpasya ng landas na ating tatahakin.
5. Hinihiling ng Diyos na bigyang-kasiyahan natin ang dibinong buhay; dapat nating gawin ang mga bagay sa paraang mabibigyang-kasiyahan ang buhay na ibinigay ng Diyos sa atin—Juan 1:4; 3:15.
6. Bilang mga Kristiyano, hindi tayo dapat magsisi sa harap ng Diyos para lamang sa mga kasalanang nagawa natin; madalas, kailangan nating magsisi sa harap ng Diyos para sa mabubuting bagay na ginawa natin.
7. Ang prinsipyo ng ating pamumuhay ay hindi yaong naghahambing sa pagitan ng mabuti at masama; dapat tayong dumulog sa harap ng Diyos upang matukoy kung ano ang sa buhay at kung ano ang sa kamatayan—Roma 8:6; 1 Juan 3:14.

**III. Kung mamumuhay tayo ayon sa prinsipyo ng buhay, kailangan nating kilalanin ang espiritu mula sa kaluluwa at malaman ang espiritu—Heb. 4:12; 1 Cor. 2:14-15:**

A. Ang Panginoon na siyang Espiritu ay namumuhay, nananahan, gumagawa, kumikilos, at gumaganap sa ating espiritu, at tayo ay kaisang espiritu Niya—2 Cor. 3:17; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17:

1. Kung nais nating makilala ang Panginoon sa isang praktikal na paraan at maranasan Siya sa ating pang-araw-araw na buhay, dapat nating matutuhan na kilalanin ang ating espiritu—2:14-15.
2. Kung hindi natin nalalaman ang ating pantaong espiritu, hindi natin mauunawaan ang pagkilos ng Diyos sa loob natin at hindi tayo makasusunod sa Panginoon, dahil ang Panginoon ay ang Espiritung namumuhay sa loob ng ating espiritu—1 Juan 2:27; 2 Tim. 4:22.

B. Kailangan nating malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng ating espiritu at ng ating iba pang panloob na bahagi—Aw. 51:6; Ezek. 36:26; 1 Ped. 3:4.

C. Ang gawin ang anumang bagay sa ating kaluluwa, ito man ay tama o mali, ay ang mamuhay sa lumang tao; kaya, kailangan nating itatwa ang ating buhay-kaluluwa, ang ating sarili—Mat. 16:24-26.

D. Kapag sumusunod tayo sa ating espiritu, tayo ay sumusunod sa Panginoon Mismo, sapagkat ang Panginoon ay nasa ating espiritu—2 Tim. 4:22; 1 Cor. 6:17.

**IV. Upang makapamuhay ayon sa prinsipyo ng buhay, kailangan nating sumunod sa panloob na pandama ng buhay—Roma 8:6; Efe. 4:18-19; Isa. 40:31:**

A. Ang pandama ng buhay ay subhektibo, personal, at praktikal:

1. Ang pandama ng buhay sa negatibong panig ay ang damdamin ng kamatayan—Roma 8:6a.
2. Ang pandama ng buhay sa positibong panig ay ang damdamin ng buhay at kapayapaan, taglay ang isang kamalayan ng kalakasan, kasiyahan, kapahingahan, kaliwanagan, at kaaliwan—b. 6b.

B. Ang pinagmumulan ng pandama ng buhay ay ang dibinong buhay (Efe. 4:18-19), ang kautusan ng buhay (Roma 8:2), ang Espiritu Santo (b. 11; 1 Juan 2:27), si Kristong nananahan sa loob natin (Juan 15:4-5), at ang Diyos na gumagawa sa loob natin (Fil. 2:13).

C. Ang pangsyon ng pandama ng buhay ay upang malaman natin kung tayo ay namumuhay sa natural na buhay o sa dibinong buhay at kung tayo ay namumuhay sa laman o sa Espiritu—1 Cor. 2:14-15; Roma 8:8-9; Gal. 5:16-17.

D. Ang paglago ng isang mananampalataya ay nakasalalay sa kung paano niya pinakikitunguhan ang panloob na pandama ng buhay—Efe. 4:15; Col. 2:19; 1 Cor. 3:6-7.
E. Kailangan nating manalangin tungo sa pandama ng buhay at mamuhay sa ilalim ng nagkokontrol, naggagabay, at nagdidirektang elemento nito araw-araw—Roma 8:6; Efe. 4:18-19; 1 Juan 2:27.
F. Lalo tayong lumalakad ayon sa espiritu at sumusunod sa pandama ng buhay, lalo tayong mamumuhay ayon sa prinsipyo ng buhay—Roma 8:4, 6.

**V. Kung tayo ay namumuhay ayon sa prinsipyo ng buhay, makikilala natin ang mga bagay hindi ayon sa tama at mali kundi ayon sa buhay at kamatayan—2 Cor. 11:3:**

A. Binibigyang-diin ng Ebanghelyo ng Juan ang katotohanan na ang puno ng buhay ay laban sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama at hindi natin dapat pahalagahan ang mabuti o masama kundi ang buhay—4:10-14, 20-21, 23-24; 8:3-9; 9:1-3; 11:20-27.
B. Ang pinakamainam na paraan upang kilalanin ang isang bagay—ang sikreto ng pagkilala—ay ang kumilala ayon sa buhay o kamatayan; dapat tayong matutong kumilala, tingnan ang pagkakaiba, ng mga bagay sa pamamagitan ng buhay at kamatayan, tinatanggihan ang anumang pagsasalita na magkakait sa atin ng pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos ng buhay ngunit tinatanggap ang tunay na ministeryo ng Panginoon, na laging nagpapalakas sa atin sa pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos ng buhay—Roma 8:6; 2 Cor. 11:3.

*© 2022 Living Stream Ministry*